

A decorative frame with ornate scrollwork and flourishes. In the center, the word "PROLOGUE" is written in a bold, serif, all-caps font.

PROLOGUE

Huminga nang malalim si Major Alejandro Llanes III nang bumukas ang mga pinto ng elevator.

Kasalukuyan siyang nasa *St. Luke's Medical Center*, suot ang dress uniform ng *Philippine Army* at may hawak na fruit basket para dalhin sa ikalawa niyang ama at boss na si General Joseph Herrera.

Kagagaling lang ni Donnie sa general headquarters ng *Philippine Army*. Dahil sa nangyaring insidenteng kinasangkutan niya kung saan nabaril at napatay ang isa sa mga heneral ng AFP na si General Hilario Suarez, Donnie was under investigation and his promotion had been placed on hold for a year.

Sa palagay niya ay hindi iyon makatarungan pero hindi na siya nagreklamo. Ang mahalaga kay Donnie ay ma-clear ang mga pangalan nilang lahat na naroon nang gabing iyon.

Humakbang siya palabas ng elevator pero napahinto nang mabungaran ang lalaking nakasuot ng sweater, lumang pajamas at tsinelas, na naglalakad

patungo sa elevator habang hawak ang IV tree kung saan nakasabit ang isang IV bag. Nagkatinginan silang dalawa. Nagsalubong ang mga kilay niya at ngumiti naman ang lalaking mukhang guilty.

“Ano na naman ang ginagawa n’yo dito sa labas?” Tila anak na nakukulitan sa tatay nito ang tono ng boses niya.

Sumimangot na rin si General Joseph Herrera, ang kasalukuyang *Chief of Staff* ng *Armed Forces of the Philippines* at ang makulit niyang ikalawang ama.

“Masakit na ang likod ko sa kakahiga!”

Pumalatak siya at lumapit dito pero hindi ang braso ng lalaki ang kinuha niya kahit pa gusto niya itong alalayan pabalik ng silid nito. Kilala niya ang ginoo. Hindi nito ikakatuwa ang ganoong klaseng pagtulong. Sa halip, inabot niya ang IV tree at iyon ang hinawakan habang iginigiya ang heneral pabalik sa silid nito.

“Sabi nila puwede na raw akong maglakad-lakad.”

“Ang sabi nila puwede kayong maglakad-lakad sa isang linggo,” pagtatama niya.

“Sa isang linggo pa ba ang sabi nila?”

“Huwag n’yo na akong lokohin, sir. Magkakasama tayo n’ung kausap n’yo ’yung doktor. Inaatake na naman kayo ng kalimot, eh.”

“Hoy! Hindi pa naman ako makakalimutin, ano! Ano’ng akala mo sa ’kin, matanda?”

“Ihahanda ko na mamaya ’yung baston at adult diapers mo, sir.” Ngumisi si Donnie dahil sigurado niyang respeto lang nito sa suot niyang uniporme ang nagpigil sa heneral na hablutin ang diyaryo sa nadaanan nilang sofa para irolyo iyon at ipukpok sa kanya.

Nang makapasok sa silid, saka lang niya kinuha ang braso nito para matulungan itong maupong muli sa kama. Ibinaba niya ang dala niyang mga prutas sa mesang puno ng mga pasalubong at regalo mula sa mga bisita nito. “Bakit ba kayo mag-isa ngayon? Nasaan ang bantay n’yo?”

“May inaasikaso lang si Cam. Pupunta raw sila rito ulit mamayang gabi. ‘Yung mag-ina naman umuwi muna para raw kumuha ng damit.”

“Kumain na ba kayo? May gusto ba kayo?”

“Wala. Okay lang ako. Saan ka galing at nakauniporme ka?”

Naupo si Donnie sa silya sa tabi ng kama. “Sa GHQ po,” sagot niya na may kasama pang buntong-hininga. Saglit silang nag-usap tungkol doon pero sa huli, may kailangan siyang sabihin sa heneral.

“Tito, pasensya na kayo.”

“Para saan?” kunot-noo nitong tanong.

“Ako po ang aide n’yo, eh. Kung naging mas mabilis lang sana ako, hindi kayo nabaril.”

Tumawa ito. “Hayaan mo, sa susunod, hihilahin na kita at ihaharang sa bala.” Pinagmasdan siya nito. “Diyos na mahabagin, Alejandro. Sinisisi mo ba ang sarili mo dahil sa nangyari?” Kumurap siya at umiling ang heneral. “Wala kang kasalanan dito, hijo. Hindi mo naman alam ang mangyayari at hindi rin naman posibleng maprotektahan mo ako sa lahat ng oras. Lalo na’t matigas ang ulo ko.”

“Minsan nga, sir.”

“O, humihirit pa, eh.”

“Lagi ko lang naiisip kung ano ba dapat ‘yung ginawa kong iba para hindi kayo nasaktan.”

“Yun nga, ’yung pagharang sa bala.”

Seryoso niyang pinag-isipan ang mga posibilidad ng ganoong eksena.

“Tingnan mo ’to, sineryoso naman.” Bumuntong-hininga si General Herrera. “Wala kang ginawang mali, Donnie. At walang mali sa ginawa mo.”

“Pero may kulang. Kasi kung wala, wala ka rito.”

Bumuga ito ng hangin at umiling. “Ang kulang, eh, super speed para masalo mo ’yung bala. Ang kulang, eh, ’yung abilidad mo na magbasa ng iniisip ng ibang tao, o ng abilidad mong ihinto ang oras. Kung namatay ako d’un—”

“Sir naman!”

Umiling ito. “Kung namatay ako doon, wala ka pa ring kasalanan.” Inabot nito ang braso niya. “You did the best you could. Alam mo namang hindi mo puwedeng iligtas lahat, di ba?”

“Pero kayo lang naman ang kailangan kong iligtas d’un. Palpak pa ako.”

“O, buhay naman ako. Ano’ng palpak doon?” Pero nagserioso ito kaagad. “Donnie, isa ka sa mga pinakamagagaling na sundalong nakilala ko. Kung hindi ba kukunin ba kitang *aide-de-camp*, eh, halos uhugin ka pa?”

Natawa siya. Ikinagulat din iyon ng marami noong una. Kadalasan ang mga nagiging ADC ay medyo mataas na ang ranggo, mga pinagkakatiwalaan ng isang heneral dahil matagal na nitong kasama ang sundalong iyon.

Donnie had barely been a captain when the general offered the position to him. Isa iyong karangalan lalo na’t si General Herrera—*The General Herrera*—ang

nag-alok sa kanya ng posisyong iyon.

Tinapik nito ang braso niya matapos iyong bitiwang. “You are a good soldier and an honorable man, Donnie, tandaan mo ’yan. May mga bagay kang gagawin o hindi gagawin na pagsisisihan mo pero alam ko, at the core, iyon ka, isang mabuting sundalo at magiting na tao. Pero sinisiguro ko sa ’yo na sa pagkakataong ito, wala kang kasalanan.”

Tumango siya. Bagaman hindi pa rin talaga kumbinsido, nabawasan kahit paano ang agam-agam niya dahil sa sinabi nitong mabuti siyang sundalo at magiting na tao.

Donnie knew that, for the rest of his life, he would strive to remain just that.



CHAPTER 1

Matalas ang tingin ni Major Donnie Llanes sa kalaban habang iniikutan nila ang isa't isa. Do or die na 'to. Kill or be killed. His senses were heightened. Parang dama niya ang bawat butil ng pawis na tumutulo sa sentido niya, sa likod niya. One movement from either one of them...

His opponent moved. Sinangga ni Donnie ang braso nito bago niya ito tinalikuran, saka hinila ang braso nito sa ibabaw ng isa niyang balik at ginamit ang katawan niya para iangat ang lalaki sa ibabaw niyon at ibinagsak ito sa mat.

"Aray ko naman!" reklamo ni Sebastian Galvez, ang isa sa mga *Sentinels* na kasalukuyan niyang sparring partner, sa gitna ng hiyawan at tawanan ng audience nila. "Akala ko ba desk job ka ngayon, sir? Ba't parang di mo naman nalimutan 'yung training mo?"

Umismid siya. "Matagal na 'kong patay kung gan'un kadali malimutan ang training."

Hindi siya nagbibiro. Sa ilang taon niyang

panunungkulan bilang ADC ni General Herrera, hindi nagkulang si Donnie sa training niya. Hindi porke madalas siyang nasa likod ng mesa at hawak ay telepono at keyboard imbes na baril, ibig nang sabihin ay hindi na siya mag-e-exercise.

Kahit hindi mahilig mag-gym, sinisiguro niyang bibisita siya roon nang tatlong beses sa isang linggo, hindi dahil banidoso siya at gustong manatiling maganda ang katawan, pero dahil kailangan niyang panatilihing malakas ang sarili. Hindi naman siya madalas makasali sa PT ng mga kapwa sundalo dahil madalas kailangan siya sa opisina kaya nagtitiyaga siya sa gym.

Hindi rin niya kinakaligtaan ang target practice para hindi pumurod ang abilidad niya sa pagbaril. Nangungulit siya ng mga kaibigan na maging sparring partners niya para hindi rin siya bumagal. At kapag libre siya, sumasali rin siya sa mga klase sa martial arts at kasalukuyang nang may black belt sa aikido, judo at taekwondo.

At isang beses sa isang taon, bumabalik siya sa Fort Magsaysay sa Nueva Ecija para mag-retraining kasama ng *First Special Forces Regiment (Airborne)* na siyang unit niya.

Kaya hindi, hindi talaga niya makakalimutan ang training niya.

Inabot niya ang kamay niya kay Baste at tinanggap iyon ng dating miyembro ng *Philippine Coast Guard*.

“Dapat malaki na tiyan mo ngayon,” biro pa nito nang tulungan niya itong tumayo. Tinapik pa nito ng likod ng isang kamay ang flat na tiyan ni Donnie. “Eh, ba’t parang mas dumami pa ’yang abs mo?”

Natawa siya at itinulak ito palayo. “Sit ups lang ‘yan, gabi-gabi.” Hinarap niya ang audience nila. “Sino’ng susunod?”

Sabay-sabay na humakbang palayo ang mga lalaki bago tumatawang itinulak ang isa’t isa palapit kay Donnie.

He was glad to see them in high spirits. Nitong mga nagdaang linggo, sunud-sunod ang dagok sa ahensya. Una na nang bigyan sila ng maling impormasyon ng mga kasabwat ng kalaban nila na naging sanhi ng muntikan nang pagkamatay ng isa nilang ka-team. Pagkatapos ay nalaman din nilang na-infiltrate ng isang espiya ang agency nila. Dahil doon, kasalukuyang may banta sa buhay ng bawat isa sa kanila at sa kani-kanilang mga pamilya.

Nakakakaba, nakakababa ng morale, at alam niyang tiyak na isa sa mga ito ang nag-isip na baka mas makabubuti kung magbitiw na lang sa tungkulin. Pero wala namang mahina ang loob sa mga kinukuhang *Sentinel*. Lahat ng mga ito ay matapang at buo ang loob na magsilbi sa bayan. Lahat ng mga ito ay nainsulto na inisip ng mga kalaban na matatakot ang mga ito. What happened only made each of the *Sentinels* more determined to win.

Ngumisi si Donnie nang halos ihagis ng mga ito sa gitna ng mat si Randall Manalo, ang isa sa mga pinakabata at pinakabagong *Sentinel*. Pumorma siya at sinenyasan ito palapit.

“Huwag po, Kuya!” sabi nito sabay sinubukang tumakbo palayo.

Natawa siya saka ito hinablot sa likod ng T-shirt at ng suot nitong shorts. Kumapit ito sa dalawang

pinakamalapit na kasamahan kaya maging ang mga ito ay nahila nang hilahin ni Donnie si Randall patungo sa gitna ng mat.

“Tulungan n’yo ko. Tulungan n’yo ko!”

Na-off balance silang lahat at napahiga sa mat. Nadaganan si Donnie. At dahil doon, sinimulan siyang pagtulungan ng mga kasamahan. Hindi na sila makahinga sa katatawa nang marinig nila ang tinig ni Cameron Herrera.

Nag-angat ng ulo si Donnie mula sa ilalim ng bundok ng mga katawan pero agad na nawala ang ngiti niya nang mapagsino ang lalaking kasama ng isa sa mga best friends niya.

“President Marfori!”

Nagmamadali silang tumayo lahat na parang mga batang nahuli ng mga magulang nilang naglalaro sa putikan.

Humalukipkip si Cameron at sinimangutan siya. “Ikaw pa talaga ang pasimuno, ano?”

Napakamot lang siya ng batok.

“O, at ease, gentlemen,” pabirong saad ng pangulo nang mapansin na tuwid na nakatayo ang mga *Sentinels*. “Mangungumusta lang ako.”

Nag-relax sila at naupo na rin sa mat nang sumenyas si President Marfori. Pero bago makaupo si Donnie, nilapitan siya ng pangulo.

“Donnie, I need to talk to you,” sabi nito na mababa ang tinig. “Puwede bang bigyan mo lang ako ng ten minutes para kumustahin ang mga bata bago tayo mag-usap? Kahit sa opisina na lang ni Cameron.”

“Of course, sir.”

Tumayo siya sa tabi ni Cam at tinanggap ang

tuwalyang inabot nito sa kanya. Nakinig sila nang kumustahin ni President Marfori ang mga naroon. Pinasalamatan nito ang mga *Sentinels* at ipinaalala sa mga ito na mahalaga ang bawat isa, hindi lang sa pangulo na iniaasa sa kanila ang personal nitong seguridad pero sa seguridad din ng Pilipinas.

Dama ni Donnie ang sinseridad ng pangulo. Siguro isa iyon sa mga dahilan kung bakit gusto niya si President Marfori. Hindi lang dahil sa sang-ayon siya sa mga paniniwala nito, pero dahil totoo at mula sa puso ang pag-aalala nito para sa mga tao nito.

Matapos ang dialogue sa pagitan ni President Marfori at ng mga *Sentinels*, bumalik na sila sa opisina at dumerecho sa silid ni Cameron, pero hindi pumasok ng opisina ang kaibigan niya. Isinara ni Cam ang pinto nang makapasok silang dalawa ng pangulo para bigyan sila ng privacy.

Pinagmasdan siya ng ginoo. “May kapatid kang mas bata, hindi ba?” tanong nito na walang paunang salita.

Napangiti siya nang maisip ang nakababatang kapatid na si Adrian. “Meron po.”

“Makulit ba siya?”

Natawa siya. “Opo.”

Bumuntong-hininga si President Marfori at sumenyas ito sa sofa.

“I need a favor from you,” simula nito bago pa sila makaupo. Halata sa mukha nito ang pagod at pag-aalala. Hindi naman niya masisi ang lalaki dahil nasa mga balikat nito ang problema ng buong Pilipinas. Pero dahil sa tanong nito kanina, parang alam na ni Donnie na hindi ang personal na seguridad nito o

tungkol sa on-going investigation ng *Sentinels* ang hihingin nitong pabor.

“Si Cassidy,” buntong-hininga nitong muli matapos banggitin ang pangalan ng nakababata nitong kapatid. “Nag-usap na kasi kami. Sabi ko bumalik na muna siya sa America habang ganito ang sitwasyon dito. Ayaw niya. Mas kailangan raw na nandito siya kasama ko.”

Malayo ang tingin nito. “Hindi ko naman mahindian. She’d lost more than half of our family at such a young age that I don’t want to be away from her for a long time.”

Noong twenty years old si President Marfori, tumakbong pangulo ang ama nito na dating senador. Napatay ang lalaki, ang asawa nito at ang panganay na anak nito na sundalo sa isang ambush matapos ang *meeting de avance*. Naiwan sa pangangalaga ng noon ay playboy at blacksheep na ikalawang anak na si Miguel ang bunsong kapatid nito na si Cassidy na noon ay wala pang tatlong taong gulang.

“We’ve decided to compromise. Sabi ko sa kanya, hindi ko siya pauuwiin sa America basta ba magtago muna siya. I told her that I want her away from Manila and she agreed, provided that she won’t be more than an hour away by helicopter. Taga-Benguet ka, hindi ba?” Nang lingunin siya ng pangulo, alam na niya ang hihilingin nito.

“Yes, sir.”

“Puwede bang isama mo muna si Cassie sa inyo? Hanggang sa matapos lang ang gulong ito.”

Walang balak bumalik si Donnie sa kanila sa Sitio Dela Fuerza. Ilang beses pa lamang siyang umuuwi

roon mula nang magtapos siya sa *PMA* at kadalasan ay overnight lang, para dalawin ang mama niya at ang kapatid. Ang huling beses na umuwi siya ay noong kasal ni Adrian sa kababata nilang si Tessa. Iyon lang. Tumayo lang siyang Best Man sa kasal, nakikain sa reception, at bago sumikat ang araw kinabukasan, bumiyahe na siya ulit pabalik ng Maynila.

“Matapos ang nangyari, ’yung kaso kay Lt. Resurreccion, ayokong magtiwala kung kani-kanino na lang. I understand it also means taking you out of the investigation pero dahil naman sa sitwasyon mo, naisip kong ikaw na ’yung puwede kong hingan ng pabor.”

Si Lt. Resurreccion ay isa sa dalawang sundalong inirekomenda ng commander ng *Presidential Security Group* na si Colonel Sigmund Padilla na isali sa *Sentinels*. Pumayag si President Marfori dahil kaibigan nito ang colonel at ayaw nitong maisip ng lalaki na tinatapakan ng pangulo ang awtoridad nito bilang commanding officer ng *PSG* dahil nga kumuha pa ito ng serbisyo ng isang private company.

Lumabas na kasabwat pala ng pinaghihinalaang mga rebeldeng sundalo ang tinyente. Kailan lang, tinangka nitong patayin si Cassidy at i-frame ang mga *Sentinels* para sa pagkamatay nito gamit ang isang improvised explosive device na ninakaw nito sa base. At nang hindi magtagumpay, tinangka naman nitong i-assassinate si General Rolando Fernandez na kasalukuyang *Chief of Staff* ng *AFP*.

Donnie would really rather not go back to Benguet pero laging mas mahalaga ang tungkulin.

“Sige po, sir. Kailan po kami aalis?”

“As soon as possible sana. Kung puwedeng mamaya na nga kaagad. Gusto ko sanang magsama kayo ng isa o dalawang PSG. Mas gusto ko sana kung sina Chris at Penny pero hindi pa puwedeng bumiyahe si Penny. At kung aalis ka naman, kailangan nila rito si Chris.”

“Sige po. Ako na po ang bahalang mamili ng isasama. Paano po ang security n’yo, sir?” Sa kasalukuyan kasi, siya ang *Sentinel* na nakatalaga sa pangulo.

Ngumiti ang lalaki. “Mag-re-reassign si Cam ng *Sentinel* sa ’kin.”

Tumango na si Donnie. “Kung gan’un pala, sir, hindi ko na kailangang mag-alala.”

“Hindi nga. I’m in safe hands. So, paano? Okay lang na itago mo muna si Cassie?”

“Opo, sir. Just give me a few hours to work on the details. Puwede ko pong sunduin si Miss Marfori kapag handa na po siyang bumiyahe.”

“Thank you. Tatanawin kong malaking utang na loob ito.”

“Hindi po kailangan, sir. Trabaho ko po ito.”



Inisa-isa ni Cassidy ang mga bags niya. Tatlo lang naman iyon. Isang trolley bag ng mga damit at mga personal items, isang backpack na naglalaman ng sheet music, notebooks, pencil case at tablet niya, at ang huli ay ang violin case niya. Maiwan na niya lahat ng mga damit niya sa kung saan, huwag lang mawala ang biyolin niya.

Kanina, ni-research niya ang layo ng Tuba, Benguet sa Manila. Two hundred twenty-eight point one kilometers, a little over four hours of travel by car, an hour by helicopter. Okay na. Kaysa naman pabalikin siya ng kanyang Kuya Miguel sa tito at tita nila sa Seattle.

Natatakot daw ito para sa kanya. Siya rin naman natatakot para sa sarili niya. Matapos ang nangyari sa BGC noong isang linggo? Kung hindi lang magagaling ang mga bodyguards niya n'ung mga oras na iyon, baka patay na siya ngayon. But that incident also made her more determined to stay.

The goal of terrorists is to sow fear. She wasn't going to let them win.

Pumayag lang siyang lumayo sa kuya niya dahil alam din naman niyang marami itong kailangang isipin. Kung makakatulong sa peace of mind nito na malayo siya, eh di sige, lalayo siya. Basta ba kapag kailangan siya nito, mabilis siyang makakabalik dito.

Isa pa, si Major Llanes ang magiging bodyguard niya.

Noong unang beses niyang makita si Major Alejandro Llanes III, kasama ito ng Kuya Miguel niya nang magtungo ang huli sa *Bahay Pangarap*. Sinabi niya rito na nagluto siya ng binagoongan at gusto niyang matikman iyon ng kapatid. Muntik niyang malimutan ang kuya niya nang pumasok ito ng kusina na kasunod ang sundalo.

There was just something about Major Llanes that drew her attention. Oo, guwapo ito, pero sanay naman sa guwapo si Cassie. Maraming guwapo sa music industry. Yes, kahit pa sa genre niya na classical. Pero

'yung pagkaguwapo ng major, 'yung ngiti nito, 'yung medyo singkit na mga mata, ang matangos na ilong at magandang jaw line, bigla siyang nakakarinig ng performance ng string orchestra sa isip niya tuwing nakikita niya ito.

He was also tall. He was probably taller than six feet with what looked like a hard, muscular body beneath his combat uniform. Matangkad na ang kuya niya and he was also in great shape pero nagmukha itong totoy sa tabi ni Major Llanes.

Nang may kumatok sa pinto ng kuwarto niya, huminga nang malalim si Cassidy bago siya lumapit para buksan ang pinto. Ngumiti siya sa kapatid bago halos malunok ang laway nang makita si Major Llanes sa likuran nito.

Oh, my God, kahit naka T-shirt at jeans ito, he was still gorgeous! Mas lalo lang na-emphasize ng suot nito ang ganda ng katawan nito.

Kinailangang ipilig ni Cassidy ang ulo dahil nagsasalita ang kuya niya. She nodded even though she had no idea what he just said.

Pumasok ang dalawa at kinuha ang mga bags niya. Hindi na kinuha ng kuya niya ang violin case niya. Alam nitong ayaw niya iyong ipahawak sa iba.

Sinundan niya pababa ng hagdan ang dalawang lalaki. She had to stop her eyes from latching onto Donnie's butt. Itinaas niya ang mga mata pero doon naman sa muscles ng likod nito namalagi ang mga mata niya.

Oh, well, at least hindi na sa puwet nito. That wasn't polite.

Sinalubong sila nina Glenda at Isko, dalawa sa

mga paborito niyang *PSGs*. Sasama ang mga ito sa kanila sa Benguet.

Ang dalawa ang nagsakay ng mga bags sa likod ng itim na SUV na nakaparada sa tapat ng *Bahay Pangarap*, habang si Major Llanes ang nagbukas ng pinto para sa kanilang dalawa ng kuya niya. Pinauna siya ng kapatid na sumakay sa backseat bago ito sumakay kasunod niya. Si Isko ang sumakay sa likod, kasama ng mga bagahe habang si Glenda ang sumakay sa passenger seat. Si Major Llanes ang nagmaneho.

Kinuha ng kuya niya ang kamay ni Cassidy. “Ibababa niya ako sa opisina,” sabi nito sa kanya. “So we only have a few minutes. Are you sure I can’t convince you to go back to Seattle?”

Pinisil niya ang kamay nito. “Yes. Kasi if you try to convince me again, I’ll ask Major Llanes to drive me back to the house.”

Lumabi ito.

“We already talked about this, Kuya. I’d rather stay here with you. You’re the one who wants me to go away.”

“I want you safe.”

Humilig siya sa balikat nito. “And I want you safe with me.”

Bumuntong-hininga ang kuya niya at hinalikan siya sa noo. “Sometimes I wish I took a different path. Paano kung naging manager mo na lang ako? Ang problema ko lang siguro ngayon ay kung sino sa mga nag-imbita sa ‘yong mag-perform ang tatanggihan ko.”

Bumungisngis siya. “That would have been great,” aniya bago siya nagseryoso. “But you wouldn’t have

been happy.”

“Am I happy now?” painosente nitong tanong.

“You wouldn’t have wanted it any other way.”

Ibinalot nito sa kanya ang mga braso nito. “It doesn’t change the fact that I wish I could have been with you when you were growing up.”

“You’re here with me now,” she pointed out. “And kung hindi, it’s not your fault. Don’t worry, Kuya. We’ll make up for lost time after your term ends.”

Nanatili silang tahimik hanggang sa ihinto ni Major Llanes ang sasakyan sa harapan ng *Malacañang*. Agad na lumapit sa kanila ang dalawang sundalo, si Captain Chris Pascua at si Russel Manalo. Nakilala niya ang huli noong nasa opisina siya ng security agency ng mga ito. Why her brother opted to go for a civilian agency she had no idea but she trusted his judgment.

Huminga nang malalim ang kuya niya at binalingan siya. Ngumiti ito sa kanya pero alam niyang pinipilit lang nitong itago ang pag-aalala nito. Namuo ang luha sa mga mata ni Cassidy.

When her brother pushed her hair away from her forehead, her tears started to fall. Bumuntong-hininga si Kuya Miguel, pinunasan ang luha niya saka siya hinila palapit para yakapin. She wrapped her arms around his waist and pressed her face against his shoulder.

“Tatawag ako palagi.” Hinaplos nito ang buhok niya at nag-angat siya ng mukha. “Mag-iingat kayo doon. And follow Donnie. Aalagaan ka niya.” Saka nito binalingan ang lalaki sa harapan ng sasakyan saka ito binantaan. “Hindi ba, Major Llanes?”

Nagtama ang mga mata ni Cassidy at ng major sa rearview mirror.

“Of course, sir,” pangako nito na hindi inalis ang tingin sa kanya.

Her brother gave her ponytail a playful tug. Nilingon niya ito.

“Sandali lang ’to, Cass, I promise.” Inabot nito ang kamay niya. “Mag-iingat ka d’un, okay?”

Tumango si Cassidy at muling yumakap sa kuya niya. “Take care of yourself din, Kuya. I’m going to be so angry at you if something happens.”

Tumawa na ito. “I know. I’ll be okay. Sige na, umalis na kayo ni Donnie. I’ll see you soon, I promise. I love you.”

“I love you, too.”

Hinalikan siya nito sa noo at binigyan siya ng isang huling ngiti bago nito inabot ang balikat ni Major Llanes, pagkatapos ay ni Glenda. Nilingon din nito si Isko sa likuran. “Mag-iingat kayo, ah. Tawagan n’yo ako kaagad kapag may problema.”

“Yes, sir.”

Tumango na rin si Kuya Miguel saka nito inabot ang door handle para buksan ang pinto. Bumaba ito ng sasakyan. Bumaba rin si Glenda para ito ang tumabi sa kanya sa backseat habang si Isko naman ay lumipat sa passenger seat.

Tahimik silang apat sa sasakyan nang muli iyong nagsimulang umandar. Nag-iwas siya ng tingin kay Glenda nang sulyapan siya nito. Maloko ang babae pero hindi ito nagsalita nang makita ang mukha niya.

Ang totoo niyon, pinipigilan ni Cassidy ang paghinga para hindi siya muling humikbi. Sa tuwing

maghihiwalay sila ng kuya niya, ganito siya. Parang binabasag ang puso niya.


Lalo na ngayon. Hindi niya sigurado ang mga mangyayari. She really shouldn't go. She should stay here with him. Kailangan siya nito.

Nagulat siya nang abutan siya ni Major Llanes ng isang puting panyo. Tinanggap niya iyon bago pa niya naintindihan ang ginagawa niya.

"Thank you."

"You're welcome, ma'am."

Nang pahiran niya ang luha, naamoy niya ang pabango ng binata sa panyo. Oddly, it comforted her. Nakadama siya ng pag-asa. His team was going to protect her brother, and her own team was going to protect her. They were going to make it through this.



CHAPTER 2

Cassidy fell in love with *Hacienda Eleanora* as soon as they entered the gates. Ang ganda kasi ng tanawin at mabango at malamig ang hangin. Lahat ng nadaanan nilang mga trabahador ay masayang kumaway kay Donnie.

She also fell in love with the Llanes's mansion. It was both old-fashioned na Spanish colonial pero may ni-modernize sa disenyo. Imbes na magmukhang magulo, it just made the mansion look more charming.

Hindi niya alam kung ilang silid mayroon ang mansion pero tila lahat ng mga silid sa second at third floors ay may terasa. Matatangkad din ang mga bintana sa unang palapag. May hardin sa harapan ng mansion na puno ng iba't ibang klaseng mga flowering plants.

"How was your trip?" tanong ng mama ni Donnie na si Señora Stella Llanes habang naglalakad sila papasok ng bahay.

"It was pleasant. Thank you for asking, ma'am," she replied politely. "You have a beautiful home."

Bakas ang pride sa maganda at aristokratang mukha ng babae nang magpasalamat ito sa kanya.

Iginiya sila nito sa second floor kung saan naroon ang magiging mga silid nila. Magkatabi ang mga silid nila ni Glenda at sa tapat nila ang kay Isko. Napasulyap siya kay Donnie nang tanungin ito ng ina habang nasa loob sila ng magiging silid niya.

“Dito ka ba matutulog, hijo? O uuwi ka sa kubo mo?”

Surprised and curious, she watched his face as she waited for his answer.

He let out a wry smile. “Sa kubo na lang ako uuwi, Ma. Mas mabuti ’yun para walang away.”

Bumuntong-hininga ang ginang. “If you only—” Huminto ito nang maalalang kasama ng mga ito si Cassidy. “Never mind,” sabi nito bago siya hinarap. May maaliwalas na itong ngiti sa mukha. “Magpahinga ka na muna, hija. Ipapasundo ko na lang kayo kapag handa na ang almusal.”

“Thank you, ma’am. I really appreciate it.”

“You’re very welcome.” Tumango ito sa kanya at sa anak nito bago sila iniwan.

Inikot ni Donnie ang mga mata nito sa silid niya. The room was large and elegant, with tall windows and a balcony outside. It also had a lush carpet, a cozy sitting area, heavy wooden antique furniture and a four-poster bed that she was sure would made her feel like a Spanish princess when she finally climbed into it.

“Okay lang ba ’tong kuwarto sa ’yo?” tanong ng binata nang muling dumako sa kanya ang tingin.

Hindi niya napigilan ang matawa. “I don’t think

okay 'yung proper word. This room is amazing!"

"It used to be Doña Eleanora's."

"Wow, really? *The* Doña Eleanora?" mangha niyang tanong. Hinaplos ni Cassidy ang isa sa mga poste ng kama. The wood was smooth and glossy, and there was a white curtain tied to it with a gold cord. "Okay lang ba na dito ako? It feels like it should be your mother's room or your sister's."

"My parents are staying in the masters suite. Saka wala akong kapatid na babae."

"What about you? Where's your room?"

Mabilis na nag-init ang mukha niya matapos niya iyong itanong pero pinilit niyang magmukhang inosente at curious lang. It wasn't like she was going to go knock on his door in the middle of the night.

"I don't live here."

"Is that what your mother meant about the kubo?" Nang umangat ang isang sulok ng mga labi ni Donnie, tuluyan na siyang napahiya. "I'm so sorry. It's none of my business."

"May sarili akong bahay at oo, maliit lang siyang kubo. Doon ako matutulog tatal nandito naman sina Glenda. Mababantayan ka nila sa gabi. If you're worried about your safety—"

"No, no, I'm not," mabilis niyang saad at binigyan pa ito ng reassuring na ngiti. "I know that I'm safe in your hands. I meant in yours and Glenda's and Isko's hands, not just *your* hands. But I know I'm safe in *your* hands too but..." mabilis niyang pagtatama. But her eyes automatically went to his large, hard and capable-looking hands. For a fleeting moment, she imagined how those hands would feel running over her naked

skin. Safe pa rin kaya siya n'un?

Oh, my God, Cassidy! Shut up!

Maybe, it was a good idea that he lived somewhere else. Baka nga kasi bigla niya itong katukin sa gabi.

"I know what you meant," he reassured her. "Anyway, magpahinga ka na. Uuwi lang ako sa bahay. Babalikan ko kayo rito mamayang tanghali."

"Hindi ka dito mag-be-breakfast?"

He pressed his lips into a thin line before he gave her another one of those small smiles. "Lunch na lang ako pupunta. 'Tapos, kung gusto mo, ipapasyal kita sa hacienda." Napapalakpak siya sa excitement at tumawa na ang lalaki. "Sige na, magpahinga ka na. I'll see you later."

Tumango siya saka ito pinanood na maglakad palabas ng silid niya. Nang isara ni Donnie ang pinto, saka siya bumuga ng hangin at naupo sa malambot na kutson ng kama.

The more she knew about him, mas lalo siyang naku-curious dito. Di bale na. She had time. Bago sila umuwi ng Manila, sisiguruhin niyang close na sila ng binata.



Kasabay nag-breakfast nina Cassidy ang ama nina Donnie at Adrian. He was as tall as Donnie and was as handsome as his sons. He seemed pleasant enough with a charming smile and gentlemanly manners. Kahit nasa bahay lamang, nakasuot ito ng pantalon, polo shirt at sapatos. Sabagay, naka-bestida rin naman si Mrs. Llanes. Siguro ay pormal lang sila rito kapag kumakain. There was actually an old world charm to

that.

Magiliw si Don Alejandro sa kanila nina Glenda at Isko, at tinanong kung komportable sila sa mga silid nila. Pero kahit nakikipagkuwentuhan, ang napansin niya ay hindi nito binanggit o kinumusta si Donnie. Hindi rin ito nagtanong sa mga bodyguards niya ng kahit anong tungkol sa pagsusundalo.

Si Adrian ang nagtanong sa kanila tungkol sa military, pero napuna rin ni Cassidy na nananahimik ang ama nito kapag ang panganay nitong anak na ang pinag-uusapan.

Matapos ang almusal, nagpasya siyang umakyat na para magligpit ng gamit. Nagpaalam sina Glenda at Isko na mamamasyal. She figured it was their code word for “perimeter check” dahil naslip niya ang dalawa na magkahiwalay na naglalakad sa hardin habang pinagmamasdan ang paligid. She didn’t think they were interested in the flowers. Sa palagay niya, sinisipat ng mga ito ang posibleng mga posisyon kung saan maaaring pumuwesto ang mga snipers. Napailing siya. She reminded herself to tell them to relax.

Nakaligpit na siya ng mga gamit sa cabinets nang muli siyang ipatawag para magtanghalian. Lumukso ang puso niya dahil nangako si Donnie na babalikan siya nito nang lunch time at na ipapasyal siya nito pagkatapos.

Hindi na nila kasabay ang ama ni Donnie nang mananghalian sila. May pinuntahan daw itong mga tauhan. Si Adrian naman ay may inaasikaso raw sa pinapagawang bagong irrigation system sa palayan kaya hindi rin nila nakasabay.

Nang matapos silang kumain, kinausap ni Donnie

sina Isko at Glenda bago siya nito iginiya papunta sa SUV.

“Can we leave the windows open?” tanong niya nang makasakay si Donnie sa driver’s seat.

“Sure,” sabi nito habang ikinakabit ang seatbelt nito.

Kulang na lang ilabas ni Cassidy ang ulo niya sa bintana habang bumibiyahe sila. The air was so clean and fresh-smelling, and cold on her skin. Pumikit siya at ngumiti habang dinadama ang hangin sa mukha niya.

Itinuro ni Donnie ang vegetable farms nang daanan nila iyon. Binusinahan ng lalaki ang isang trabahador na naglalakad sa gilid ng kalye. Napalundag ito sa gulat pero masayang tumawa nang mapagsino ang bumusina rito.

“Langya ka! Kala ko kung sino na!” tawa ng lalaki. “Kailan ka pa dumating?”

“Kaninang umaga lang. May kasama akong mga kaibigan.” Nilingon siya ng lalaki at ngumiti si Cassidy sa kausap nito.

“Ay, ma’am,” magalang na sabi ng lalaki na nag-alis pa ng suot na sumbrero at idinikit iyon sa dibdib nito bilang paggalang. “Good afternoon po.”

“Good afternoon po.”

“Si—” Tiningnan siya nito, siguro pinag-iisipan kung tatawaging siyang miss o ma’am, gaya ng lagi nitong ginagawa. Inunahan na niya ito.

“Ako po si Cassidy,” pagpapakilala niya sa sarili na iniabot pa ang kamay sa lalaki sa labas. “Kaibigan po ako ni... Donnie.”

“Naku.” Ipinunas ng lalaki ang palad sa pantalon

nito nang ilang beses bago tinanggap ang kamay niya. “Ako po si Bong. Kababata po ako ni Señorito Donnie.”

Itinago niya ang ngiti nang bumaling si Bong kay Donnie na namimilog ang mga mata bago tumaas-baba ang mga kilay nito.

Umikot lang ang mga mata ng kasama niya. “Sige na. Ipapasyal ko muna siya. Mamayang gabi na lang ako dadalaw sa inyo.”

“Sige! Doon na kayo sa ’min maghapunan! Maglalabas ako ng tapuy para sa ’yo!”

Natawa si Donnie bago nito kinawayan ang kaibigan saka nagsimula muling magmaneho.

“Hindi na kita ipinakilalang kapatid ni President Marfori. It’s safer that way. If they recognize you, then we’ll explain, but if not, I’d rather that they don’t know who you are.”

“It’s all right,” sabi na lang niya. Mas makakabuti nga iyon. Kung hindi siya makikilala ng mga tao rito, mas magiging ligtas siya. Buti na lang at violinist siya. She doubted she’d been able to hide had she been a pop star like Rihanna. “Also, that’s interesting.”

Sinulyapan siya nitong muli. “What is?”

“Kababata niya si *Señorito* Donnie,” biro niya. “Lahat ba ng tao rito señorito ang tawag sa ’yo?”

Nagkibit-balikat ang lalaki. “Minsan mas pang-asar lang nila ’yun sa ’min ni Adrian kaysa pagpapakita ng respeto. Magkakaibigan kasi talaga kami lahat dito.”

Muli siyang tumingin sa labas ng bintana. “Your childhood must have been wonderful,” she commented. “I mean, growing up in a place like this,

being surrounded by a lot of people.”

“Your childhood was very different, wasn’t it?”
tahimik nitong usisa.

“Yes,” medyo malungkot niyang saad bago muling binalingan ang lalaki. “It wasn’t all bad, just... different.”

And lonely. Isa iyon sa mga masasabi ni Cassidy tungkol sa pagkabata niya. It was lonely.

Saglit silang natahimik na dalawa at bumuntong-hininga siya. Noon niya napansing nag-iba ang simoy ng hangin, naging matamis at ubod ng bango.

“Wait... are those strawberries?” excited niyang tanong. There were rows and rows of strawberry plants just to the right of the road they were taking.

“Yes. Do you want to stop and take a look?”

Kulang na lang maghugis strawberries din ang mga mata niya nang harapin niya si Donnie. “May we?”

“Sure.” Binagalan nito ang takbo ng sasakyan saka iyon ipinarada sa tabi ng kalsada. She took a deep breath and happily filled her lungs with fragrant air.

Napalingon si Cassidy sa lalaki nang bumaba ito ng sasakyan. Excited, bumaba na rin siya. Akala kasi niya ihihinto lang nito ang kotse para makapagmasid siya. Sinundan niya ito pababa sa mababang incline hanggang sa nasa gilid na sila ng mga hilera ng mga halaman.

Malawak ang strawberry farm kaya medyo malayo mula sa kanila ang mga trabahador na naroon pero kumaway ang mga ito at narinig ni Cassidy ang masasayang sigaw ng mga babae ng “Señorito!”. Kumaway si Donnie sa mga ito bago nito bahagyang hinawakan ang braso niya para alalayan

siya sa paglalakad patungo sa grupo ng mga babaeng nagmamadaling sumalubong sa kanila.

Mukhang sikat si *Señorito* sa hacienda nila, ah.

Ipinakilala siya nito sa mga babae. Sinabi lang nito ulit na siya si Cassidy na kapatid ng isa nitong kaibigan. Ulit, walang nakakilala sa kanya. She wasn't insulted by the fact that she, apparently, wasn't as famous as her manager thought. Mas nagustuhan pa nga niya ito. It was oddly liberating, not being recognized.

The women were probably between the ages of sixteen and thirty. They all greeted her warmly even while one or two of them gave her speculative looks. Iniisip siguro ng mga ito kung sino ba siya sa buhay ni Donnie.

Tahimik lang siya sa isang tabi, may maliit na ngiti habang nakikinig at inoobserbahan ang lalaki. Hindi mahirap makita kung bakit sikat si Donnie sa hacienda. It wasn't just because he was the son and heir of the current hacendero. It was because he was nice to all of them.

He knew all of them by name and asked about them and their families. Or, at least, that was what she thought he asked. Ilocano kasi magsalita ang mga ito kaya kakaunti lang talaga ang naintindihan niya. Pero halatang ikinatuwa ng mga babae na nakikipagkumustahan ito sa kanila. Nakakatuwa ring makita kung gaano ito kagusto ng mga tauhan ng pamilya.

Bumalik ang atensyon ni Cassidy sa usapan ng grupo nang mag-Tagalog si Donnie para itanong kung aling mga strawberries ang handa nang i-harvest.

“Kahit alin po dito, Señorito,” sabi ng tila pinakamatanda sa grupo na si Tildeng habang sumesenyas sa hilera ng mga strawberries. “Handa na po ang mga ’yan.”

“Do you want to pick strawberries?” tanong nito sa kanya.

“I can?” gulat niyang tanong pero nagniningning naman sa tuwa ang mga mata.

“Yeah.”

Tumalungko si Donnie sa lupa. Ginaya niya ito at halos lumuhod siya sa tabi nito. Iniangat nito ang isang malaki at makintab na strawberry. Pinisil nito iyong parang cap na dahon ng strawberry at inikot iyon pakanan bago nito iyon hinila. Inabot nito sa kanya ang pinitas.

“Oh, my gosh,” she breathed as she accepted it reverently. “Puwede ko na ’tong kainin?”

“Oo naman.” Namitas ng isa pang strawberry si Donnie saka iyon kinagat. When he pulled the fruit away from his mouth to chew, Cassidy’s eyes were pinned to the sweet, pinkish juice coating his lips. Her stomach muscles clenched when he licked his lips and let out a satisfied smile.

Gusto niyang iangat na lang sa bibig nito ang hawak niyang strawberry, just so she’d have the satisfaction of watching him lick the juices off his lips again.

“Gusto ba ninyo ng kahon, Senyorito? Para makapamitas kayo ni ma’am ng marami.”

“Sige nga, Tildeng. Para makapag-uwi kami sa bahay.”

Inutusan ni Tildeng na kumuha ng kahon ang isa

sa mga teenagers.

“If you’re not going to eat it immediately,” sabi ni Donnie na siya na ang kausap, “you can pick it with the calyx—that part with leaves—intact so it stays fresh longer.”

“What?” pabulong niyang tanong. Naka-focus pa rin kasi sa mga labi nito ang mata niya.

“The strawberry,” sabi nito. “If you’re not going to eat it yet, just pick it and leave the calyx on.”

“Oh! Yeah. Okay. Uhm, I’m going to eat this first,” sabi niya sabay subo ng buong strawberry. Nginuya niya iyon pagkatapos ay napabuntong-hininga siya at napapikit. It was sweet and tart and fresh. She loved strawberries pero ibang-iba ang lasa niya kapag bagong pitas kumpara kapag nasa cheesecake na o kaya ay nasa jam. First time din niyang kumain ng strawberries na derecho galing halaman.

Nang magmulat siya ng mga mata, mukha ni Donnie ang una niyang nakita.

“Good?” tanong nito na may maliit at mapanuksong ngiti.

“God, yes,” she sighed. Nilingon niya ang halaman na hitik sa strawberries. Hindi ba nakakahiya kung manghingi pa siya ng isa?

“Sige pa, kumuha ka pa.”

“Talaga?”

Tumawa si Donnie. “Oo, sige lang. Pitas ka lang.”

Kinuha nito ang kahon ng *Zest-O* na iniabot dito ng teenager bago iyon inabot sa kanya.

Napatingin na rin siya kay Tildeng na unti-unting lumaki ang ngisi habang nagpapabalik-balik sa pagitan nila ang tingin.

"Thank you," sabi niya rito. "How many can I pick?"

"Plenty-plenty!" sabi ni Tildeng. "You can puno-puno the box!"

Masaya ang ngiti niya rito bago siya namili ng mga strawberries. Si Tildeng ang nagturo sa kanyang mamitas.

Nang mapuno niya ang kahon, inilahad sa kanya ni Donnie ang kamay nito para tulungan siyang tumayo. Mabilis nitong binitiwang ang kamay niya pagkatapos. Inilabas niya ang wallet niya pero umiling at humakbang palayo si Tildeng.

"No, no! It's free!" sabi nito na itinaas pa ang mga kamay.

"But, it's a lot of strawberries!" Nilingon niya si Donnie. Sigurado siyang lampas isang kilo ang mga napitas niya.

"You don't need to pay for them," sabi ng binata sa kanya na may maliit na ngiti.

"But—"

Umiling lang ito saka binalingan si Tildeng. "Thank you. Kayo na muna'ng bahala rito."

"Sige po, Señorito. Eh, hanggang kailan po ba kayo rito sa hacienda?"

"Hindi ko pa sigurado, eh."

"Ah, sige po. Alam naman na po siguro ni Berting na nandito na kayo."

"Siguro kasi nakita na ako ni Bong kanina. Dadalaw na lang ako sa inyo minsan."

"Opo. Thank you po. Nice to meet you po, Ma'am Cassidy."

"Kayo rin po, Ate Tildeng."

Kinuha ni Donnie ang dala niyang kahon ng strawberries saka siya nito iginiya palayo. Kumaway siya sa mga babae na nagpaalam din sa kanila. Nang tumalikod sila, nagsimulang humagikgik ang mga ito.

Nagkatinginan sila ni Donnie bago nila nilingon ang mga babaeng tumigil sa paghagikgik pero hindi naitago ang mga ngiti. Muling kumaway ang mga ito.

Narinig niyang bumuntong-hininga si Donnie pero hinawakan nito ang siko niya para alalayan siya paakyat sa incline pabalik sa kotse.

Pinagbuksan din siya nito ng pinto at nang makasakay siya, saka nito iniabot sa kanya ang kahon ng strawberries bago nito isinara ang pinto.

Nagsalita siya nang nakasakay na ito at muli nang nagmamaneho. “Close pala talaga ikaw sa lahat ng mga nagtatrabaho dito sa hacienda ninyo, ano?”

“Kasama kasi naming lumaki ni Adrian’yung mga trabahador dito ngayon. Mga anak sila ng mga dating trabahador ni Papa.”

“They like you,” puna niya. “Like, genuinely like you.”

One corner of his sexy lips tilted upward. “Of course. I’m Don Alejandro’s heir. They have to like me.”

Tumawa siya sa yabang ng tono ng binata. “I didn’t mean that. I mean they really like you. Alam mo naman kung gusto ka talaga ng isang tao, di ba? Na hindi lang dahil kailangan ka niyang magustuhan? They respect you.”

Medyo nainggit siya roon. Pakiramdam kasi niya may ulterior motive ang mga tao kaya siya gusto ng mga ito. Gusto siya ng audience niya dahil magaling siyang tumugtog ng violin. Gusto siya ng agent niya

dahil kumikita ito sa kanya. Gusto siya ng *PSG* niya dahil wala silang choice. Boss ng mga ito ang kuya niya.

“They’re good people,” sabi ng lalaki. Nakatuon ang mga mata nito sa kalsada kaya profile lang nito ang kita niya. Ang ganda talaga ng linya ng panga nito at ang tangos ng ilong. He did look like a “señorito”. He looked like the handsome heir to a hacienda. She never really noticed because she was used to seeing him in his combat uniform. It never occurred to her that Donnie was more than a soldier.

Bigla siyang napahagikgik at nilingon siya nito na may pagtataka sa mga mata. “Bakit?”

“Naisip ko lang. If you inherit the hacienda, do we have to call you Don Alejandro, too?”

Malakas ang tawa ang lalaki. It was the first time she heard him actually laugh. She smiled, pleased with herself for amusing him.

“Di ba? Don Alejandro Llanes III. Ang yabang!”

“Huwag mong sasabihin ’yan kina Chris! Ikukwento nila ’yan sa opisina at ’yan na ang itatawag nila sa ’kin doon. Baka makabaril ako nang di oras.”

Bumungisngis siya. “Okay, hindi na po, Major Llanes. Just so you won’t hurt anyone.”

“I’d really like it if you call me Donnie,” sabi nito out of the blue at napalingon siya rito. Sinulyapan siya nito.

“Ayaw mo ng Señorito? Or Kuya Donnie?” biro niya sa kabila ng muling pagbilis ng tibok ng puso niya.

“Donnie’s fine.”

“All right. But you have to call me Cassie.”


“All right, Cassie.”

The way he said her name in his low voice, it might

just be the sexiest thing she had ever heard so far. Napaabot tuloy siya ng strawberry mula sa kahon at isinubo iyon.

“So, where are we going?”

“May waterfalls dito sa hacienda. I’m taking you to one of them.”



CHAPTER 3

May dalawang waterfalls sa Sitio Dela Fuerza. Ang isa ay bukas sa publiko at sikat na tourist destination sa Benguet habang ang isa ay nasa loob ng hacienda na pribadong bahagi ng lupain ng mga Llanes.

Nang mamataan ni Cassidy ang talon, napasinghap ito. “Oh, my God, it’s beautiful!” mangha nitong saad. Hindi nito inalis ang paningin sa talon habang binabaybay nila ang daan pababa sa gilid ng bundok.

Inihinto ni Donnie ang SUV malapit sa maliit na lawa sa ibaba ng talon. May mga baitang na gawa sa bato papunta roon mula sa kung saan niya ipinarada ang sasakyan. Inalalayan niya ulit si Cassidy hanggang sa marating nila ang mga picnic tables doon.

Iyon ang paboritong lugar ni Donnie sa buong hacienda. Madalas ay tahimik doon kaya doon siya tumatambay para makapag-isip. Madalas din siyang lumangoy roon noong dito pa siya nakatira.

Dati, may daanan doon papunta sa kabilang hacienda, pero nang malaman nila na ginagamit iyon

ng masasamang-loob para makapasok sa *Hacienda Eleonora*, ipinasara iyon ni Don Alejandro.

"I can't believe you have your own waterfalls!" sabi ni Cassidy na nakatingala sa pinakataas ng talon. "Sabi ko nga, it must have been amazing to grow up here."

Sinundan ni Donnie ang tingin nito. "Yeah, it was."

Nilingon siya nito. "But you don't seem thrilled to be back."

Isa iyon sa mga masasabi niya tungkol sa dalaga. She was too perceptive.

"My father and I don't get along."

"I kind of figured it out." She paused. "May I ask why?"

Pinagmasdan niya ang babae. Magkahalong curiosity at pag-aalala ang nasa mukha nito.

Yeah, sure. Why the hell not?

"Ayaw niya na magsundalo ako," sagot niya habang iginigiya si Cassidy papunta sa isa sa mga bangko para makaupo sila. Naupo ang dalaga sa bangko. Sa mesa naupo si Donnie.

"Napansin ko nga rin iyon," patuloy nito. "Hindi niya tinanong sina Glenda tungkol sa military, eh. Usually, people are very interested when they find out they were talking to members of the PSG."

Tumango lang siya at nanatiling tahimik. Napalingon siya kay Cassidy nang tumawa ito.

"That was a cue for you to tell me more, Major Llanes."

"Hmm?"

Umikot ang mga mata ng dalaga pero hindi nawala ang ngiti nito. "Kailangan ko ba talagang itanong lahat

bago ko malaman ang lahat ng gusto kong malaman?"

Napangiti na rin siya. "I'm with the *Special Forces*, Ma'am Cassidy. I don't just give out information."

"Classified po ba 'yung dahilan kung ba't ayaw ng papa mo na magsundalo ka?"

Huminga siya nang malalim at itinuon ang mga mata sa tubig na bumabagsak mula sa mas mataas na bahagi ng bundok. Nang tanggapin niya itong assignment na ito, hindi niya inakala na kasama ito sa trabaho.

Pinili ni Donnie ang mga salita. Hindi kasi siya mahilig magkwento at matagal na niyang hindi nabubuksan ang paksang ito.

"Hindi 'yun magtatanong tungkol sa *AFP*. Pakiramdam kasi niya, inagaw nila sa kanya 'yung dapat ay tagapagmana ng hacienda niya. N'ung nagdesisyon akong mas gusto kong magsundalo kaysa maging haciendero, hindi matanggap ni Papa. Bakit ko raw itatapon 'yung sabi niya, eh, birthright ko. Ba't daw mas mahalaga sa 'kin ang ibang tao kaysa sa mga tauhan sa hacienda." He shrugged and turned towards her. "Hanggang ngayon, hindi pa rin niya matanggap."

"Have you always wanted to be a soldier?"

"Yeah, mula pa n'ung bata ako. I never grew out of the phase where I liked playing with guns."

"Is that why you're a soldier? Because you like playing with guns?"

Muli niya itong nilingon. Nakatingin ito nang derecho sa mga mata niya na para bang binabasa nito ang laman ng kaluluwa niya.

"There's more to being a soldier than liking guns," he replied quietly.

“I know, but I was asking if that was why you’re a soldier.”

Umiling si Donnie. “N’ung bata ako, mahilig kaming magtaguan. Lagi akong nananalo n’un kasi iniisip ko kunwari sundalo ako. Walang nakakaranig sa ’king lumapit kapag ako ang taya saka magaling akong magtago. Sa galing kong magtago, napunta na pala ako sa gitna ng isang op ng *Special Forces* ng *Army*, wala pa ring nakakita sa ’kin.”

Napansin niyang nilipad ng hangin ang isang bahagi ng jacket ni Cassidy kaya hinila niya iyon pabalik sa ibabaw ng balikat ng babae bago siya nagpatuloy sa pagkukwento.

“Hapon naman kasi n’un. I-e-expect mo na madaling araw sila lulusob. Pero sinusundan kasi nila ’yung isang grupo ng mga rebelde para mag-rescue ng mga kinidnap na health workers. Naunahan ko silang makita ’yung mga rebelde.”

Matagal na iyon pero parang kahapon lang nangyari. Hindi niya alam kung bakit napalayo siya masyado sa mga kalaro. Ang alam lang niya iniisip niya noong mga panahon na iyon ay sundalo nga siyang tumutugis ng mga terorista.

Excited pa siya nang may marinig na isang grupo na naglalakad sa gubat at naisip niyang baka mga rebeldeng sundalong kailangan niyang hulihin. Hindi naman niya akalaing totoo na pala.

“Natigilan ako n’ung nakita ko ’yung grupo kasi alam kong may mga rebelde talaga n’un dito, at na nangingidnap sila. Pero bago pa ako makapagtago ulit, nakita na ako n’ung isang rebelde. Nagulat siguro sa ’kin kasi nakasuot ako ng camouflage T-shirt ’tsaka

may camo paint din ako sa mukha,” napapangiti niyang kwento. Noon pa lang, damang-dama na ni Donnie ang pagiging sundalo niya.

“Akala siguro n’ung rebelde, sundalo ako. Kapag nasa ganoong sitwasyon ka kasi, hindi mo na maiisip kung bata ba o hindi ’yung babarilin mo. Natakot na siguro kasi babarilin niya ako, eh. Bata ako, eight years old, and he was going to kill me. Pumikit ako n’un kasi ayokong makita ’yung kamatayan ko. May pumutok na baril pero wala akong naramdamang sakit. Ang naramdaman ko, eh, parang lumilipad ako. Akala ko patay na ako.”

Nilingon niya ulit si Cassidy na nakatingin pa rin sa kanya, nakikinig, namimilog ang mga mata. He smiled. “Hindi ako namatay n’un, promise,” biro niya na itinataas pa ang mga braso. “See? Buhay na buhay pa ako.”

Inirapan siya nito at mas lumaki ang ngiti niya. Nagpatuloy siya sa pagkuwento.

“Sunod-sunod na ’yung mga putok ng baril. N’ung dumilat ako, buhat pala ako ng isang sundalo. Itinatakbo niya ako palayo sa combat zone. Ibinaba niya ’ko sa likod ng malaking bato ’tapos sabi niya, huwag daw akong aalis d’un at babalikan daw niya ako. Sabi ko sa sarili ko, sabi ni sir, huwag akong umalis kaya hindi ako umalis. N’ung tumigil na ’yung putukan, naghintay lang ako d’un. At gaya ng ipinangako niya, binalikan nga ako ni sir. Isinakay nila ako d’un sa six-by-six na army truck para ihatid ako sa bahay. Siyempre, sikat ako n’un dito! Pagkatapos n’un, tumatak na talaga sa isip ko na hindi lang laro ’yung pagsusundalo at na ’yun talaga ang gusto ko.”

“Did you ever get to meet the soldier who saved your life?”

Tumango si Donnie. “Di ko nakalimutan ‘yung pangalan niya. Siya ‘yung naging idol at inspirasyon ko. N’ung nakita ko siya ulit n’ung first day ko sa PMA, nilapitan ko na talaga siya saka ako nagpakilala. Turned out, tatay siya ng isa sa mga naging best friends ko sa *Academy*. I also became his *aide de camp* before he retired.”

“Si General Herrera?” gulat nitong tanong. “It was General Herrera who saved you?”

Tumango si Donnie. “At kung mabuti at magaling akong sundalo, dahil ‘yun sa kanya.”

Inabot ni Cassidy ang braso niya at napatingin siya sa kamay nitong nakadantay sa balat niya.

“You know what I think? Kung mabuti at magaling kang sundalo, dahil iyon sa ‘yo at hindi dahil sa ibang tao.”

She looked so earnest and so sincere when she said that he actually wanted to hug her. So he did the next best thing. He chuckled her under the chin.

“Thanks.” Medyo napahiya, mahina rin siyang tumawa. “I have no idea why I told you that story. Matagal na akong hindi nagkukwento tungkol sa sarili ko.”

She wrinkled her nose in an adorable way. “Then I’m flattered. Hindi mo ako natiis.”

No, hindi nga. Hindi sa interesado si Donnie. Kapatid ito ng pangulo at responsibilidad pa niya. Pero dahil lalaki pa rin naman siya at malinaw naman ang mga mata niya, alam niyang maganda si Cassidy.

Maganda naman kasi talaga ang lahi ng mga

Marfori. Sinasabihan nga ng mga kritiko nito na nanalo lang si President Marfori sa mga mas batang botante dahil guwapo ito.

Lutang sa hitsura ng magkapatid ang dugong Espanyol. Parehong matangos ang ilong at light brown ang mga mata ng dalawa. Cassidy had a classical sort of beauty pero hindi iyon ipinangangalandakan ng dalaga.

Madalas itong walang makeup, naka-T-shirt at shorts lang sa *Bahay Pangarap*, naglalakad-lakad na may dalang inumin o kaya ay sandwich habang nakasubsob ang mukha sa libro. Hindi rin ito masyadong palaayos kapag lumalabas para pumunta ng mall kaya madalas hindi ito nakikilala ng mga tao. She didn't seem to want the attention.

Napanood na ni Donnie ang ilan sa mga performances nito sa *YouTube* kung saan nakaayos ang dalaga at maganda talaga ito. Pero sa kabila ng ganda nito, nakakalimutan ng manonood ang pisikal nitong hitsura kapag nagsimula na itong tumugtog. Sa totoo lang, parang nakakalimutan ng manonood ang lahat-lahat maliban sa nakaka-hypnotize na musika mula sa violin nito.

Bukod pa sa kagandahan at talento nito, alam din ni Donnie na mabait ang babae. Kung ikuwento ito ng mga *PSG* na naka-assign dito, halatang gusto ito ng mga bodyguards nito. Naroon ang paggalang at ang pagiging protective ng mga ito kay Cassidy na tila ba inampon na ng buong *Presidential Security Group* ang dalaga bilang nakababata nilang kapatid.

Personally, he liked her. Kaya nga alam niyang


madadalian siyang bantayan ito. Bukod sa mabait ito, madali rin itong kausap at hindi matigas ang ulo.

Ngumiti siya rito. “Halika na nga. Maggagabi na. Lagot ako kapag hindi kita naiuwi sa bahay bago lumubog ang araw.”

Tumayo na silang dalawa at naglakad pabalik ng sasakyan. “Puwede ba tayong bumalik dito?” tanong ni Cassidy nang marating nila ang SUV.

Pinagbuksan niya ito ng pinto. “Oo naman. Next time, magdala tayo ng picnic lunch.”

Her face lit up. “I’d love that.”



CHAPTER 4

Tatlong araw nang nasa hacienda sina Donnie at unti-unti na siyang nasasanay na naroon na naman. Dumalaw na siya sa mga kaibigan at dalawang araw na ring tumutulong sa farm.

Isinama niya si Cassidy nang lumibot siya at nakilala na rin nito ang mga kaibigan niya. Mabilis nitong nakasundo ang mga tauhan nila. Halata ring “boto” ang mga ito sa kanilang dalawa. Siguro prueba na iyong pagsisikuhan at ang mapanuksong mga ngiti sa tuwing makikita silang magkasama. Tatapunan lang ni Donnie ng madilim na tingin ang mga walangya pero hindi titigil ang mga ito. Mas lumalaki pa nga ang ngisi ng mga bwisit.

Pumasok si Donnie sa kusina nang umaga para makauna sa almusal bago pa bumaba ang papa niya, pero hindi si Manang Lilia ang nabungaran niya. Nakatayo sa kalan si Cassidy, may hinahalo sa isang malaking kaldero. Lumapit siya rito.

“Ano ’yan?”

Tumili ito nang humarap sa kanya, nasa dibdib

ang isang kamay. Pinandilatan siya nito saka siya hinampas sa braso. “Don’t do that!”

“Do what?” natatawa niyang tanong.

“Ba’t ganyan kayo lahat? Hindi ko kayo marinig maglakad! Ba’t ang tatahimik n’yo?”

Ngumisi na siya. “Kasama sa training. Ano nga ’yan?”

Binalikan nito ang hinahalo sa kaldero. “Lugaw,” sagot nito. “Gusto raw ni Manong Bong ng lugaw. Eh, sabi ko ipagluluto ko siya kaya ’eto.”

“Ang dami naman n’yan.”

She smirked at him. “Eh, siyempre ipinagluto ko na sila lahat.”

“Lahat sila?”

“You want me to only cook for Manong Bong?”

“Hindi mo naman siya kailangang ipagluto, eh.”

Nagkibit-balikat ito. “I want to.”

Pinagmasdan niya ang profile ni Cassidy. Seryoso ito. Alam din niyang gusto talaga nitong ipagluto si Bong. Kahit noon sa Maynila, ipinagluluto nito ng kung anu-ano ang mga *PSG* nito. Siguro hindi lang niya inaasahan na gagawin din nito iyon para sa mga tauhan nila sa vegetable farm.

Tinungo niya ang counter at sinilip ang mga nasa plastic containers na naroon. May tokwa’t baboy pa doon, nilagang itlog, tuwalya ng baka, bawang at kung anu-ano pang sahog.

“Anong oras ka gumising para magluto?” kunot-noo niyang tanong. Halos five thirty pa lang ng umaga.

“Hmm, mga four?”

“Para lang magluto?”

“Uh-huh. Tinulungan naman ako ni Manang Lilia.

Lumabas lang siya sandali.”

Kahit na. Hindi pa rin talaga inaasahan ni Donnie na gagawin ito ni Cassidy. Naisip niya na ang thoughtful lang nito.

Naupo siya sa kitchen island. Hihintayin na lang niyang matapos ito magluto. Nagbasa muna siya ng mga mensahe sa telepono niya at sumagot sa mga e-mails. Wala kasing Internet sa kubo niya. Wala ngang kuryente at tubig doon, eh. Nagulat siya nang magbaba si Cassidy ng isang mangkok ng lugaw sa tapat niya.

“Ano’ng gusto mong inumin?” tanong nito na palayo na para ikuha siya ng kutsara. “Gusto mo ng coffee?”

“Ah, hindi, okay lang ako. Tubig na lang.” Tumayo na rin siya bago pa siya nito pagsilbihan ulit. Nakakahiya naman. Kumuha siya ng pitsel sa refrigerator at mga baso sa cabinet bago siya bumalik sa island kung saan nakaupo na rin si Cassidy na may sarili nang mangkok ng lugaw.

“Ba’t mag-isa ka lang pala?” tanong niya nang makaupo sa tapat ng babae.

“Lumabas din sina Glenda at Isko. Iikot lang daw sila sa bahay saka raw sila babalik dito.”

Okay. Akala niya kailangan niyang pagalitan ang dalawa dahil iniwan ng mga itong mag-isa si Cassidy. Inihanda nilang dalawa ang almusal nila saka niya tinikman ang pagkain.

Napabuntong-hininga siya sa sarap ng lasa niyon. Napatingin siya kay Cassie nang mapansing nakatingin ito sa kanya at may masayang ngiti sa mga labi.

“Sarap?”

“Oo. Ang galing mo talagang magluto.”

Namula ang mga pisngi nito at tumungo ito sa sariling mangkok. “Thank you.”

“Thank you rin at nagluto ka nito. Matutuwa si Bong. Pagkain lang ang nagpapasaya d’un, eh.”

“Sinabi ko kasi sa kanya. Saka mahilig naman akong magluto kaya okay lang. Sana magustuhan niya.”

“Magugustuhan nila ’to. Hindi lang dahil masarap pero dahil nag-abala ka. Ma-a-appreciate nila ’to.”

Gaya ng kung paano niya ito na-appreciate.



Tuwang-tuwa si Cassidy dahil totoo ang sinabi ni Donnie na ma-a-appreciate ng mga tauhan sa farm ang lugaw niya. Simple lang naman iyon dahil hindi siya nagkaroon ng maraming oras para mag-prepare. Pero noong kainin ng mga ito, akala mo kung ano na ang inihanda niya. Mahilig daw kasi sila sa mga ganoon. Nag-request pa nga si Manong Bong na champorado naman daw kinabukasan pero binatang ito ni Donnie at sinabihang huwag daw siyang pagurin. Tumawa lang siya pero naglista na sa isip niya ng mga ingredients na kakailanganin.

Matapos magpakain sa vegetable farm, inaya siya ng lalaki kung gusto raw niyang pumunta sa kuwadra para tingnan ang mga kabayo. Pumayag siya kasi hindi pa siya nakakapunta roon.

Sumakay sila sa SUV at nagmaneho si Donnie. Bago nila narating ang strawberry farm, lumiko sila sa isang dirt road papunta sa isang mababa pero may

kahabaang gusali.

Nasa pintuan pa lang sila naaamoy na niya iyong distinct na amoy ng mga kabayo. It wasn't unpleasant, just strong. Ang una niyang narinig ay tinig ng isang lalaki at ang tawa ng isang bata. Pagkatapos ay nakita niya ang kapatid ni Donnie na si Adrian na nakatayo sa tapat ng isang stall at may inaaway na... kabayo?

"Uncle!" tili ng bata bago ito tumakbo papunta kay Donnie.

"Ano na naman ang nangyari?" tanong ng lalaki na tumutungo para salubungin ng yakap ang pamangkin.

"Itong hayop na 'to!" sabi ni Adrian habang pinandidilatan ang isang malaki at itim na itim na kabayo. "Binigyan ko na ng mansanas, ako pa ang kinagat! Na naman! Sinasabi ko sa 'yo, isa pa, isa pa talaga, litsong kabayo ka na!"

Tumawa si Donnie. "Huwag kang mag-alala. Kunwari lang 'yan. Ilang taon na niyang binabantaan 'yang si Amun Ra pero di niya 'yan sasaktan. May love-hate relationship lang talaga sila."

Muntik itong hindi maintindihan ni Cassidy dahil karga na nito si Alonso, ang pamangkin nito. Parang nadama niyang nanghina ang mga tuhod niya. There was something about a big, strong man, carrying a child in his arms that was extremely hot.

Isa pa, medyo rugged na ang hitsura ni Donnie ngayon. Sanay siyang malinis ito, maayos ang buhok at walang stubble sa pisngi at panga. Siguro dahil wala sa kampo, hinayaan na nitong medyo magulo ang buhok at hindi nag-ahit nang ilang araw. Yup, extremely hot.

"Hindi na ako nagbibiro ngayon, Kuya. Talagang sasaktan ko na 'to."

The stallion only snorted. Napansin ni Cassie na ngumunguya ito, malamang iyong sinasabi ni Adrian na ibinigay nitong mansanas.

“Seryoso na ako. Isa na lang talaga.”

Umikot ang mga mata ni Donnie sa kapatid bago siya nito nginisian na para bang magkakuntsaba sila sa kung ano. Ngumiti na rin siya bago inilibot ang mga mata sa loob ng kuwadra para iiwas ang paningin kay Donnie. Nako-conscious na naman kasi siya.

Malinis ang lugar at malawak. At dahil noon lang nga niya naalis ang atensyon sa binata, noon lang din niya napansin na marami palang kabayo roon.

Ang pinakamalapit sa kanila ay isang dark brown na kabayo na may patch ng puting balahibo sa pagitan ng maamo nitong mga mata. Lumapit si Donnie sa kanya.

“You can touch him.”

Oh, she’d love to... ay, sino ba? ‘Yung kabayo o si Donnie?

Sinilip niya iyong itim na kabayong nangagat kay Adrian saka niya binigyan si Donnie ng nag-aalangang tingin. Muling tumawa ang binata.

“Mabait naman si Amun Ra. Paborito lang niyang asarin si Adrian. Pero ‘yang si Zephyr, mabait talaga ‘yan kahit kanino.”

Dahil may tiwala kay Donnie, inangat niya ang kamay at marahang idinantay ang palad sa pagitan ng mga tainga ng kabayo. Napasinghap siya at mabilis na binawi ang kamay nang ipinilig ng kabayo ang ulo nito.

Tumawa si Donnie. Noon naman ay nalunok niya ang hininga nang kuhanin ng lalaki ang kamay niya at ito ang nagdala niyon sa pagitan ng mga tainga ni

Zephyr. Hindi nito kaagad binitiwang ang kamay niya. Instead, he guided her hand down the horse's head to the side of his neck. Humakbang pang palapit si Zephyr na tila nagustuhan ang ginawa niya.

She looked into the horse's eyes. "He's so gentle," puna niya.

"Yeah, he is," sang-ayon ni Donnie. Saka nito binitiwang ang kamay niya. She felt a little disappointed. Pero napatingala siya sa lalaki nang muli itong magsalita. "Do you want a ride? Puwede natin silang ilabas."

"Okay!"

Ibinaba ni Donnie si Alonso na bumalik sa tatay nito. Iginiya siya ng lalaki papasok sa stall ni Zephyr. They watched while he saddled the horse.

Hinaplos niya ang gilid ng leeg ng kabayo para pakalmahin ang sarili. Kinakabahan siya.

"Are you sure okay lang?" tanong niya kay Donnie. "Hindi pa kasi ako nakakasakay ng kabayo kahit kailan. Saka baka mabigat ako."

"Malakas si Zephyr. Kaya ka niya," he reassured her.

"Sigurado ka, ah. Ngayon pa lang kasi naaawa na ako sa kanya."

"Bigyan natin siya ng reward na mansanas mamaya. Paborito niya 'yun."

Tinapik-tapik niya ang kabayo. "Okay. Kung may reward naman pala siya."

Donnie grinned at her. Hayun, kahit hindi na siya nito bigyan ng mansanas kasi parang nabigyan na siya nito ng reward, ngayon pa lang.

He led the horse out of its stall to the stable doors. At nang makalabas sila, saka siya nito pinasakay.

Itinuro nito kung saan sa saddle siya maaaring humawak para makaakyat. Humawak siya sa pommel pero muli siyang nag-alangan.

Huminga siya nang malalim. Pagkatapos ay inapak niya ang isang paa sa stirrup. Donnie held the horse steady while she pulled herself up and swung her leg over the horse's back until she was comfortably seated on the saddle.

Tumawa siya at itinaas ang dalawang braso nang palakpakan siya ng audience nila. Pero napakapit siyang muli sa pommel nang bahagyang hinila ni Donnie ang reins at nagsimulang maglakad si Zephyr. Nanigas sa kinauupuan si Cassidy, hindi dahil takot siyang malaglag pero dahil naiisip niyang kawawa talaga ang kabayo.

"Sigurado kang kaya niya ako, ah," pangungulit niya kay Donnie.

Ngumiti ito sa kanya. There was something about his smile. There was amusement and, if she wasn't mistaken, tenderness.

"Okay lang siya, Cassie. Saka hindi natin siya papagurin. Just relax."

So she did.

Then she started to enjoy herself. Nang itanong ni Donnie kung gusto niyang mas bilisan ni Zephyr ang mga hakbang, pumayag siya. Nang magsimulang tumakbo ang kabayo, she threw her head back and laughed with delight. Pakiramdam niya nasa pelikula siya. She was riding a horse before a backdrop of blue skies and the lush green of the mountains, with the

cold wind blowing her hair, and a handsome man by her side.

Gusto niyang hindi na matapos ang eksena na iyon pero naisip na naman niya na baka napapagod na si Zephyr. Sige na, tama na ang pantasya niya.

Nang marating nilang muli ang kuwadra, umayaw na siya dahil nahihiya na siya kay Zephyr. Tinulungan siya ni Donnie na bumaba ng kabayo.

Ikinagulat niya nang hawakan nito ang baywang niya, at imbes na alalayan lang siya, binuhat siya nito na para bang napakagaan niya saka siya ibinaba sa damuhan. Napansin niyang siniguro nito na hindi magdikit ang mga katawan nila. Gentleman talaga ito. Kaya siya ang gustong mambastos dito, eh.

“See? You’re not heavy at all. Kaya ka pang dalhin ni Zephyr hanggang Baguio.”

Mahina siyang tumawa habang nakatingala sa binata. Nakatayo lang sila roon, nagngingitian hanggang sa may tumikhim. Binitawan ni Donnie ang baywang niya at ibinaba niya ang mga kamay mula sa mga balikat nito.

Pinapanood na pala sila ni Adrian na nakangisi sa kanila. Natawa si Cassidy. Inirapan naman ni Donnie ang kapatid bago siya nilingon ulit.

“Gusto mo bang mamasyal pa? Hindi pa pala kita nadadala sa flower farm.”

“Oo nga! Hindi pa.”

“All right. Halika na.”



Sinusulyap-sulyapan ni Donnie si Cassidy habang nagmamaneho siya. Malaki ang ngiti ng

babae at halatang excited. He loved that she could find happiness in the simplest things. Mayaman kasi ito, nakapunta na sa iba't ibang panig ng mundo at kilala ng heads of states, royalty at maging ng Santo Papa, pero nakakahanap pa rin ito ng kasiyahan sa pamimitas ng fresh strawberries o sa pagbibigay ng mansanas sa isang kabayo na parang na-in love na rito. Kaya tuloy kung anu-anong gimik ang naiisip niya para mapangiti ito.

Iyon naman ay dahil gusto niya itong mapangiti. Gusto niyang maganda ang maikwento nito sa kuya nito pag-uwi nila ng Maynila. Hindi talaga iyon dahil sa gusto niyang makitang nakangiti ito.

Di naman siya nabigo nang ihinto niya ang SUV sa labas lang ng entrance ng flower farm nila.

Hile-hilera ang mga halamang hitik sa mga bulaklak. Mga rosas, daisies, orchids, sunflowers, hydrangeas, iba't ibang klase, iba't ibang kulay at lahat ay may sariling ganda.

Maingat na hinaplos ni Cassidy ang mga talutot ng isang lavender na hydrangea nang naglalakad na sila sa pagitan ng mga iyon.

“Ang alam ko ito ’yung paboritong bulaklak ng mommy ko,” sabi nito habang pinagmamasdan ang mga bulaklak. “Kwento lang ni Kuya ’yun kasi hindi ko naman maalala si Mommy. Lahat ng alam ko tungkol sa kanya, naikwento lang sa ’kin o kaya nabasa ko lang. ’Yung memory ko sa hitsura nila ni Daddy saka ni Kuya Leo, sa pictures ko lang nakuha.”

Alam niya ang kwento ni Senator Leandro Marfori. Bahagi iyon ng kasaysayan ng Pilipinas at nasa mga history books. Pero ngayon lang niya narinig

ang saloobin ng isa sa mga direktang naapektuhan ng nangyari. Maging si President Marfori ay hindi nagkukwento tungkol sa mga magulang at sa kapatid nitong napatay.

“It must have been hard for you.”

Nagkibit-balikat ang dalaga at nagsimula silang maglakad. “I wouldn’t know if it was hard. Ayokong mag-complain kasi kumpara sa iba, madali naman ang naging buhay ko. Meron akong tito at tita na mahal ako, saka si Kuya Miguel. Kahit naging busy siya, hindi ko naramdaman na na-take for granted ako. Pero ’yun, malungkot ang childhood ko. Wala akong masyadong mga kaibigan.”

“Hindi ka pumasok sa regular na eskwelahan, tama?”

Umiling si Cassidy. “I was home-schooled. May tutor akong kasama sa mga tours ko.”

“Ang bata mo pa kasi n’ung nagsimula kang tumugtog ng violin. Ilang taon ka ba n’un? Four?”

“Three,” pagtatama nito. “Pagdating ko sa America, isang buwan daw akong hindi nagsalita pero pinapakialaman ko raw ’yung violin ni Tita Lani.”

Nang mapuna ni Donnie na nabawasan ang lungkot sa boses ni Cassidy nang mabanggit ang musika, iyon na lang ang itinanong niya. “Paano ka ba natutong mag-violin?”

“I used to watch Tita Lani play. Ginagaya ko lang siya, ’yung movements ng mga kamay niya saka ’yung mga daliri. Pinapanood din niya ako ng mga videos ng mga nagva-violin. N’ung ipinahawak niya sa ’kin ’yung violin niya, ginaya ko ’yung mga napanood ko. I had no idea what I was playing, just that I was playing it.”

“Ano ’yung tinugtog mo?”

“*Partita No. 2 in D minor*, Johann Sebastian Bach.”

Nanlaki ang mga mata ni Donnie. Hindi siya mahilig sa classical music pero kilala naman niya si Johann Sebastian Bach.

“Natutunan mong tugtugin ’yun from a video? When you were three years old?”

Nagkibit-balikat si Cassidy. “Nalaman ko lang ’yung tawag sa kanya n’ung five years old na ako. Ang alam ko lang ay ’yung melody ng mga tinutugtog ko.”

“That’s amazing.”

She looked down but not before he saw her shy smile that was filled with pride and pleasure.

“Tugtug ka naman para sa ’kin minsan,” hiling niya. “Pero bigyan mo ako ng discount, ha. Baka hindi ko kayang bayaran ang talent fee mo.”

Tumawa si Cassidy. “Maliit lang ang singil ko para sa ’yo.”

Sinulyapan niya ito. “Talaga? Magkano?”

“Dinner lang.”

Muntik matalisod si Donnie. Napatingin siya sa dalaga pero nanatili itong nakatungo at nakatingin sa dinaraanang nila.

Was she flirting with him? Because if she was, she had to stop.

Kailangan niyang sabihin dito na hindi puwede. Kapatid ito ng boss niya na pangulo ng Republika ng Pilipinas. Isa itong sikat na prodigy. Hamak lang siyang sundalo. He liked her but only as a friend, as a little sister.

Hindi ba? Kaibigan lang? Kapatid?

“Ow!”

Hindi pa nahihila ni Cassidy ang kamay nito mula sa halaman, hawak na iyon ni Donnie at pinagmamasdan na niya ang daliri nito. “Saan ka nasaktan? May sugat ba?”

At nang makita niya ang maliit na sugat kung saan ito natusok ng tinik ng rosas, pinunasan niya iyon gamit ang lapad na bahagi ng hinlalaki niya. He cradled her hand in his as he waited for the small wound to stop bleeding.

Napatingin siya rito nang tumikhim si Cassidy. Binitiwang niya ang kamay nito.

“Sorry.”

“Ha? Hindi, ano...” Itinago nito sa likuran nito ang mga kamay. “Nahihiya kasi ako kasi may kalyo ’yung mga daliri ko.”

Nagsalubong ang mga kilay niya. “You’re a violinist. Natural lang na may mga kalyo ka. Walang nakakahiya d’un.”

“Kahit na,” nakasimangot na sabi ni Cassidy.

Pinagmasdan niya ito. She really was cute, at seryosong insecure ito pagdating sa mga kalyo nito sa daliri. Para pangitiin ito, namitas siya ng isang puting rosas. Siniguro niyang putulin iyon sa bahagi ng sanga na walang tinik saka inabot kay Cassidy ang bulaklak.

Halatang nagulat ang babae pero tinanggap nito iyon at automatic na inangat ang bulaklak sa ilong nito bago ito napangiti at namula. Ngumiting muli si Donnie saka siya nagsimulang maglakad.

Cute lang talaga si Cassidy. Nakababatang kapatid. Kaibigan. Responsibilidad. Nothing more.

Kung gusto niya itong pangitiin, walang mas malalim na ibig sabihin iyon. Lahat naman ng mga

kaibigan niya gusto niyang pangitiin.

Nakababatang kapatid.

Kaibigan.

Responsibilidad.

That was what she was. Iyon lang.

Iyon lang dapat.